REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
Telephone no. 861-0181/Fax: 862-6473
Email address: sangguniangpanlungsod2k19@gmail.com

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 2020-254

KAPASIYAHAN NA HINIHIKAYAT ANG MGA MAMAMAYAN NG MUNTINLUPA NA UMUSAL NG PANALANGIN TUWING IKA-6 NG HAPON UPANG MAPAGKALOOBAN NG PAGPAPALA AT PROTEKSYON LABAN SA MAPAMINSALANG COVID 19.

****

Ipinanukala ni: ***Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro***
Kgg. Kon. Alexson V. Diaz
Kgg. Kon. Paty Katy C. Boncayao
Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga
Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Kon. Ting Niefes
Kgg. Kon. Stephanie G. Teves
Kgg. Kon. Ivee Rhia A. Tadefa
Kgg. Kon. Inhr. Marissa C. Rongavilla
Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo
Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Kon. Inhr. Arlene D. Hilapo
Kgg. Kon. Cornelio M. Martinez
Kgg. Kon. Walter A. Arcilla
Kgg. Kon. Kenitchi D. Takagi, Jr.

****

SAPAGKAT, ayon sa ***Awit 91 (1-16)*** "Siyang naghahangad ng pagkupkop ng Kataastaasan, At nananatili sa kalinga niyong Makapangyarihan, makapagsasabi sa kanyang Panginoon: Muog ka't tahanan, Ikaw ang aking Diyos, ang Diyos na tangi kong pinagtiwalaan. Ikaw'y ililigtas niya sa panganib, sa umang na bitag, At kahit ano mang mabigat na salot di ka magdaranas. Lulukuban niya sa lilim ng kanyang malabay na pakpak, Sa kalinga niya ay natitiyak mo na ikaw ay ligtas; Iingatan niya't ipagsasanggalang, pagkat siya'y tapat. Pagsapit ng gabi, di ka matatakot sa anumang bagay, Maging sa gagawing biglaang paglusob pagsapit ng araw. Ni sa ano pa mang darating na salot pagkagat ng dilim, Di ka matatakot sa kasamaan mang araw kung dumating. Kahit na mabuwal sa iyong harapan ang sanlibong tao, Sa iyong paligid ang bilang ng patay maging sampung libo: Di ka matatakot, at natitiyak mong di ka maaano. Ikaw'y nagmamasid at sa panonood iyong mamamasdan, Yaong masasama ay makikita mong pinarurusahan. Sapagkat si Yahweh ang iyong ginawang tagapagsanggalang, At ang pinili mong mag-iingat sa 'yo'y Kataas-taasan. Di mo aabuting ikaw'y mapahamak, at walang daratal Kahit anong uring mga paghihirap sa iyong tahanan. Susuguin niya ang maraming angnel, sila'ng susubaybay, Kahit saang dako ikaw maparoon, tiyak iingatan. Sa kanilang palad ay itatayo ka't, sila'ng magtataas Nang hindi masaktan ang mga paa mo sa batong matalas. Kahit ang tapakan mo ay mga leon, ahas na mabagsik, Di ka maaano sa mga serpiyente't leong mababangis. ***Ang sabi ng Diyos, "Aking ililigtas ang tapat sa akin, At iingatan ko ang sinumang taong ako'y kikilanlin. Pag sila'y tumawag, laging handa ako na sila'y pakinggan, Aking sasamahan at kung may hilahil ay sasaklolohan; Aking ililigtas at ang bawat isa ay pararangalan. Sila'y bibigyan ko't gagantimpalaan ng mahabang buhay, At nakatitiyak na ang tatamuhin nila'y kaligtasan!"***